*Antipona*

Anuman ang ginawa ninyo dito sa mga maliliit na kapatid ko, sa akin ninyo ginawa ito.

## Pangkalahatang Panalangin

Iniligtas tayo ng ating Panginoong Hesukristo mula sa ating mga kasalanan. Bilang kanyang bayan, tumawag tayo sa kanya:

— Hesus, Anak ni David, kaawaan mo kami.

Kristong Panginoon, dumadalangin kami para sa iyong banal na Simbahan. Ibinigay mo ang iyong sarili upang ito'y gawing banal, sa mapanglinis na tubig ng binyag at ng iyong Salitang buhay ang kaloob,
panibaguhin mo ito tuwina, at linisin sa pamamagitan ng pagbabalik-loob.

— Hesus, Anak ni David, kaawaan mo kami.

Mabuting Guro, ipakita mo sa mga kabataan ang landas na iyong pinili para sa kanilang kabutihan,
tahakin nawa nila ito at makatagpo sila ng kaganapan.

— Hesus, Anak ni David, kaawaan mo kami.

Sa iyong habag, pinagaling mo ang lahat ng uri ng karamdaman;
bigyan ng pag-asa ang mga maysakit at sila'y ibangon,
turuan kaming sila'y mahalin at kalingain ngayon.

— Hesus, Anak ni David, kaawaan mo kami.

Tulutan kaming maging mulat sa aming dangal na sa aming binyag ay ipinagkaloob mo,
lagi nawa kaming mabuhay sa bawat sandali para sa iyo.

— Hesus, Anak ni David, kaawaan mo kami.

Ang mga yumao nawa'y muling mabuhay sa kaluwalhatian ng iyong kapayapaan,
ipagkaloob sa kanila ang pakikihati sa iyong kaharian.

— Hesus, Anak ni David, kaawaan mo kami.

